# #junkvillarfamilyin2025 see P.5

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 10 10.00 DECEMBER 2 - 8, 2024

# Island Cove POGO hub sa Cavite, Isinara na?

KUMAKALAT ang balita na ipinasara noon pang Nobyembre 30, 2024 ang pinakamalaking Philippine offshore gaming operator (POGO) sa bansa.

Walang tinukoy sa balita kung ang Philippine Gaming Corporation (PagCor) o ang Department of Interior and Local Government (DILG) at ang Philippine National Police (PNP) ang nagpasara ng POGO sa Barangay Kawit, Cavite.

Ang pagsasara ay bunga ng utos ni Pres. Bongbong Marcos na dapat, sarado na sa Disyembre 15, ngayong taon ang lahat ng POGO sa bansa. Sundan sa p.2

## *Rally para sa kapayapaan...*

# INC di pabor sa impeachment

INIHAYAG ng Iglesia ni Cristo (INC) na magsasagawa ito ng rally para ipahayag ang suporta sa pahayag ni Pres. Bongbong Marcos na hindi niya suportado ang iniharap na impeachment laban sa Vice President Sara Duterte.

Ang planong rally ng INC ay inihayag sa isa nitong television program, Miyerkoles ng gabi, Disyembre 4.i.

"Ang mga kapatid sa INC ay naghahanda na magsagawa ng rally upang ipahayag sa lahat ng kinauukulan na ang INC ay pabor sa opinyon ni Pangulong Bongbong Marcos na hindi sumang-ayon sa isinusulong ng ilang sektor na impeachment dahil maraming problema ang ating bansa na dapat unahin ng pamahalaan," ayon sa binasang pahayag ng television.

"Ang INC ay para sa kapayapaan. Ayaw natin sa anumang uri ng kaguluhan na manggagaling sa anumang panig," dagdag nito.

Una rito, sinabi ni PBBM na hindi makikinabang ang mamamayang Pilipino sa inihaing petisyon sa pagtatanggal sa puwesto ni VP Duterte.

Samantala, sa isang social media post, hinamon ni Sagip Partlyist Atty. Rodante Marcoleta ang kapwa niya na mamamabatas na igalang ang pahayag ni Marcos na itigil ang



VP Sara Duterte





Rep. Martin Romualdez

# P350 araw-araw na alawans, ipinangako ni Romualdez sa AFP

SA isang courtesy call na dinaluhan ng 17 heneral at matataas na opisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP), sinabi ni Speaker Martin Romualdez noong Martes, Disyembre 3, na buo ang suporta ni Pres. Bongbong Marcos sa katapatan at kakayahan ng mga opisyal at sundalo ng Pilipinas.

Tinalakay sa courtesy call ang ilang problema ng AFP at kasunod nito, nagpahayag ang mga opisyal ng katapatan sa bansa at sa administrasyong Marcos.

Pinasalamatan ni Romualdez ang pagdalo ng mga opisyal ng AFP at ipinangako ang buong suporta ng House of Representatives sa mga sundalo na itinataya ang buhay upang masigurado ang sekuridad at kapayapaan sa bansa.

Posibleng magbigay ang administrasyon ng insentibong dagdag na P350 na araw-araw na alawans sa mga sundalo, sabi ni Romualdez. /JWB

# e-Tawid Dunong ng INHS, suportado ng DepEd

Sundan sa pahina 3

# 200 lawmakers umatend sa loyalty check ng Palasyo? see P.2

# COA grants OVP an unmodified opinion

ON December 01, 2024, the Commission of Audit (COA) gave the Office of the Vice President (OVP) an unmodified opinion.

An unmodified opinion, often referred to as a "clean opinion" signifies that the financial statements of the OVP have been presented fairly and in compliance with International Public Sector Accounting Standards (IPSAs).

The "clean opinion" reflects that the records accurately represent the financial position, operations, and cash flows of the office without material misstatements or discrepancies.

According to COA, the OVP has adhered to proper accounting practices and standards, showcasing transparency and accountability in handling public funds.

The issuance of this opinion underscores the effective financial management of the OVP, enhancing public confidence in its operations and dispelling criticisms of mismanagement or irregularities in its expenditures.

# Maragondon, 2nd class municipality na! See page 4

# DOST RO2 Strengthens Efforts Against Online Exploitation Through RA 11930 Webinar See page 5

# Ang Miracle Rice, bow

Dehins papatawarin ni VP Sara ang kanyang mga kaaway sa politika.

Kahit pa ngayong Kapaskuhan, kasi, dehins naman humihingi ng patawad ang mga lawmakers na umuusig sa kanya at nagpaparatang ng korapsyon.

Kahit humingi ng tawad yun nababalitang na-heat stroke at nasa St. Luke's Hospital?

@@@

Malapit na raw ma-realize ni Pres. Bongbong Marcos ang pangakong P20 kada kilo ng bigas.

Wag lang daw babagyo, wag lang babaha, at magkatotoo ang sinabi niyang katatanim lang pero nakapag-aani na siya agad.

Miracle rice.



Here n There

★ ELI TAPARAN ii

@@@

Nakipagmiting si Speaker Martin Romualdez sa 200 AFP top officials at nangako na magbibigay siya ng P350 daily allowance.

Yes, commander-in-cheap!

@@@

Totoo ba na ang mastermind ng impeachment kay VP Sara ay malalim ang pagmumuni-muno dahil sa planong big rally ng Iglesia Ni Cristo (INC) at Kingdom of Jesus Christ (KOJC)?



Sen. Bong Revilla



Sen. Francis Tolentino

Subok na ang tatag at bisa ng impluwensiya ng kaisahan ng INC na nirerespeto ng mga national at local politicians.

Ang kaisahan ng INC sa pagboto, di kayang matawaran, na dehins kayang tapatan ng pera, ng pananakot at ng kung anomang makapangyarihan.

Ang TuwadComm ng House, walang kibo at hinihintay ang basbas ni Tamba.

@@@

Yung ayuda rito sa amin sa Barangay Burnaby sa BC, Canada ay kusang dumarating nang walang bawas.

Bawat beneficiary, may pangalan sa local government, nakalista pati ang email, address.

Sa koreo o inaabisuhan sa email o telepono ang tatanggap ng ready to encash na tseke.

Kahit hindi Canadian citizen at permanent resident card holder lamang, may cash gifts at may grocery pa -- sa panahon ng kalamidad at iba pang emergency.

Sana sa PH din.

@@@

Sabi ni Kabayang Bong Revilla, dehins niya tatanggapin kung alukin siya na maging VP -- kung ma-impeach si VP Sara.

Gusto ni Sen. Francis Tolentino na magkaroon ng base ng PH Navy at PH Coast Guard sa lahat ng rehiyon ng bansa.

Para handa lagi sa pagtugon sa emergency tulad ng kalamidad, search and rescue operations at sa pananatili ng sekuridad sa ating teritoryo sa WPS.

Yan ang ating dalawang senador, kapwa makikisig at dapat ibalik sa Senado.

Sobrang lamig ngayon dito sa aming barangay sa BC, Canada.

Salamat at patuloy ang paggaling ko sa sakit kong cancer at CKD.

Salamat po, Ama! (taparaneliseo@gmail.com)

# Sa 2025: Daloy ng tubig sa Dasma, sasagana na!



BUSISIIN NATIN

★ Tom Halim

Good news po, mga kalungsod ng Dasmarinas!

Sa wakas, sa araw-araw na pagsisikap ni Dasmarinas Water District (DWD) General Manager Engr.Joves Artiaga na malapit na pong masolusyunan ang problema sa tubig na daloy ng tubig sa maraming barangay sa lungsod.

Sa pagsusumikap ng DWD na mapagbuti pa ang kanilang serbisyo, tulad ng mapagkukuhanan ng ng suplay ng tubig sa ilog ng Barangay Malinta.

Malaki ang maitutulong nito sa mga residente ng Bagong Bayan na papasok na taon 2025, mayroon na itatayong bagong water tank, sakaling humina ang water supply mula sa a mga pumping station.

Sabi ni GM Joves Artiaga, lahat ng paraan ay ginagawa ng DWD upang mapagbuti ang tubig sa buong Lungsod.

Yan ang pinunong may malasakit sa taumbnayan, good job po, GM Artiaga, Sir.

@@@




Sa mga larawang ito, ang Tito at Tita at mga ninong at ninang at mga kamag-anak sa debut mo Iyah na ginanap sa Bayleaf Hotel and Resort, kasama sina Boss Abel Banting ng Restless, Tito Mike Abecia at Tita Lyn at Mommy , Lola at Lolo, mga panauhin at ang inyong lingkod Tom Halim.

Iyah, Happy Happy 18th Birthday, God Bless and Good Health.

# INC di pabor... mula sa pahina 1

impeachment case laban kay Inday Sara.

Sa isang interbyu, sinabi ni Marcoleta, isa sa malakas ka kandidatong senador sa midterm 2025 elections, na mas mabuting pagtuunan ng pansin ang paglutas sa problema ng kahirapan at korapsiyon sa gobyerno.

Sinusulat ito, wala pang opisyal na pahayag si House Speaker Martin Romualdez sa pahayag ng INC at ng Pangulo.

Sa social media, kahit hindi kaanib ng INC ay naghayag ng pagnanais na lumahok sa rally at mahpahayag ng damdamin sa planong pagpapatalsik kay VP Sara. /ET

# Island Cove POGO... mula sa pahina 1

Dating Island Cove Resort na pagmamay-ari ng pamilya Remulla ang Kawit POGO na ibinenta sa isang Filipino Chinese.

Wala pang pormal na pahayag si DILG Sec. Jonvic Remulla kung siya ang nagpatupad ng utos ni PBBM na isara ang naturang POGO hub sa Binakayan.

Noong kainitan ng usapin tungkol sa POGO, kumalat sa social media na hindi mapasok ng pulisya ang naturang POGO sa Kawit na hinihinalang pugad ng mga ilegal na Chinese nationals.

Tinataya na mahigit sa 7,000 kawani ang nawalan ng trabaho sa pagsasara ng POGO hub sa Kawit.

# 200 lawmakers umatend sa loyalty check ng Palasyo?

HINDI naging paksa sa usapan ng may 200 mambabatas ang tungkol sa pagsasampa ng impeachment complaint laban kay Vice President Sara Duterte.

Ayon sa isang opisyal ng Presidential Communications Office (PCO)-- na ayaw ipabanggit ang pangalan -- pinag-usapan ay ang tungkol sa planong rally ng Iglesia ni Cristo (INC) na sumuporta sa panawagan ni Pres. Bongbong Marcos na dapat nang ihinto ng House of Representatives ang plano na patalsikin sa puwesto ang bise presidente.

May post sa social media na isa raw maagang Christmas party ang nangyari sa Malakanyang noong Miyerkoles, Disyembre 4.

Ayon naman sa isa pang balita, dala ng mga mambabatas ang isang kopya ng Resolution ng House na nagpapahayag ng kanilang suporta kay PBBM, kasunod ng panawagan naman ni dating Pres. Rodrigo Duterte sa military na itigil na ang pagsunod sa isang adik na presidente.

Walang pahayag ang PCO kung sino ang nag-organisa ng Christmas party sa Palasyo.

May mga comment sa social media na ang idinaos na party ay isang loyalty check ng administrasyon sa mga mambabatas.

May nagbiro na ang nangyari ay may kalakip na bigayan ng "check." /ET II


# Bros Remulla, pride ng Cavite



DOJ Sec. Boying Remulla



DILG Sec. Jonvic Remulla



Sa Ganang Akin
★ ADELA R. ZAMORA

SA confirmation hearing ng ating (dating) Gov Pogi, hindi naman hayagang tinutulan ni Sen. Ronald 'Bato' dela Rosa ang mungkahi ng aming dating Cavite Gov. Kuya Pogi na magbawas sa bilang ng mga henerap ng Philippine National Police (PNP).

Nag-aalala lamang ang makisig na senador -- unang PNP chief sa panahon ni former Pres. Rodrigo Roa Duterte (FPRRD) -- na baka mawalan ng ganang magtrabaho ang mga opisyal ng PNP.

Sabi ni Sen. Bato, mabuting pag-aralan pang mabuti ito ni DILG Sec. Jonvic Remulla.

Rational mag-isip ang ating masipag na Interior Sec. Jonvic, sabi niya na wala agad na matatanggal at hihintayin ang araw ng takdang retirement ng mga heneral habang ipinatutupad ang reporma sa PNP.

Ayon kay Gov Pogi, sa kasalukuyan, mayroong 133 police general, at nais niya, ito ay mabawasan ang dami sa 25 lamang, at magdaragdag lamang kung talagang kailangan mag-promote pa ng isang one-star general.

Teka, bakit ba gusto ni Sec. Remulla na bawasan ang mga heneral natin?

Kasi, may mga heneral na anim (6) na tao lamang ang nasa ilalim nila, at may mga walang hawak na yunit na minamanduhan.

Kumbaga, isang heneral na ang tauhan niya ay ang sarili niya mismo, nakanganga lamang at naghihintay ng sahod bawat buwan.

Paliwanag ni Sec. Jonvic, may mga heneral nakadestino sa ibang bansa bilang police attaché at walang tauhan, nandun sila upang makipag-ugnayan sa kanilang katapat na opisyal.

Sa confirmation hearing para maging ganap na opisyal ang pagiging DILG secretary, binanggit ni Remulla ang bigat ng pensyon sa pambansang budget.

Walang binabayarang contribution ang mga pulis para sa kanilang pension fund, at automatic tumataas ang pension ng mga heneral na katumbas ng mga aktibong heneral 20 taon matapos silang magretiro.

E, ang mga member ng GSIS at ang SSS ay kailangang mag-contribute mula sa kanilang sahod bago maging qualified sa social fund, e ang mga pulis, walang kinakaltas sa kanilang sahod kada buwan para ipondon sa kanilang pension fund.

Tiniyak ni Kuya Gov Pogi sa member ng Commission on Appointments (CA) na hihingiin niya ang opinyon ng University of the Philippines College of Public Administration, at isasangguni niya kay Pres. Bongbong Marcos ang rekomendasyon niya bago magpatibay ng batas ang Kongreso na mabawasan ang PNP general.

Maliwanag ang sabi ng ating Interior Sec. Remulla. dadaan ang lahat sa konsultasyon, at kung ano ang final decision, iyon ay isang kolektibong desisyon ng lahat ng lahat.

Tama po, yan ang ay idadaan muna sa isang demokratikong proseso at didinggin muna ang lahat ng mungkahi at opinyon ng mga taong maapektuhan ng repormang nais ipatupad ni Sec. Remulla.

Sa galing ng anak na ito ng aming kumpare at dating Gov. Johnny Remulla, ang paniwala ko, ipapasa siya ng makapangyarihang Commission on Appointments at nang maging tuloy-tuloy na ang serbisyo niya sa atin.

Wow, natutuwa ako na for the first time, mayroon tayo na magkapatid sa Marcos cabinet, si Jonvic at si Justice Sec. Atty. Jesus Crispin 'Boying' Remulla.

Kayo ang pride ng mamamayan ng Cavite.

Pagbati kay Bossing Gen Trias City Mayor Jonjon Ferrer (Dec. 12), at Happy 27th anniversary ng Kapisanang Kababaihang Kabitenya (KKK) sa Dec. 11 sa pangunguna ni Federation President Patria J Argote.

Mabuhay po kayo! (arzmedia777@yahoo.com)

# e-Tawid Dunong ng INHS, suportado ng DepEd

KAMAKAILAN, inilunsad ni Imus National High School Principal Arturo Rosaroso ang e-Tawid Dunong program sa layuning maingat ang kahandaan ng mga estudyante na matamo ang de-kalidad na edukasyon.

Ang programang ito, ayon kay Principal Rosaroso ay ikinunsulta niya sa DepEd Imus Division na magpakita ng suporta.

Katunayan sa idinaos na paglulunsad, dumalo ang mga opisyal ng DepEd Imus Division, mga magulang at iba pang samahan sa lungsod na naniniwala na malaki ang maitutulong ng e-Tawid Dunong sa mga mag-aaral ng lungsod.

"Layunin ng e-Tawid Dunong ay matulungan ang ating mga estudyante na kahit sa panahon ng kalamidad, walang maging hadlang sa kanilang pag-aaral," sabi ni Rosaroso.

Sa programang ito, tuturuan ang mga mag-aaral ng makabagong kaalaman at matuto ng kasayanan sa paggamit ng digital technology, sabi ng makisig na prinsipal sa panayam ng BantayBalita.

Matuturan ang mga kabataan tungkol sa makabagong makinarya sa pag aaral, Incorporate technology, active learning techniques, differentiated instruction, at continuous feedback and assesment.

Matututunan ng mga mag-aaral ang tungkol sa professional development, resources study skills and time management, collaborative learning and reflective practices, sabi pa ng prinsipal ng INHS.

Ayon sa isang resource speaker, kahit may kalamidad hindi mapipigil ang pag-aaral gamit ang e-Tawid Dunong.

Pinansin din ang pinakamatalinong nating estudyante ay katumbas lamang ng pinakamahinang estudyante ng Singapore!

Kung magiging matagumpay ang e-Tawid Dunong ni Prinsipal Rosaroso, tutulungan niya na maihatid ang programang ito sa iba pang paaralan sa Imus at mas mabuti, kung sa buong lalawigan ng Cavite. /DBC









BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder
DOMZ B. CAOILE
Publisher
ELI TAPARAN II
Editorial Consultant
ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director
JANETH W. BILBAO
Circulation Manager
GENE T. TAN
Chief of Reporters

member PAPI Publishers Association of the Philippines Inc.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak sa maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

## Happy 28th PAPI... *mula sa p.8*

Dahil sa bagyo at matinding pagbaha, nasaksihan ng madlangbayan, hindi totoo ang mga proyektong ito.

At hindi na kailangan pa ang ebidensiya sa obserbasyong ito: ilang daan ang namatay, nawawala pa at nasirang infrastructure, winasak sa agrikultura at mga biglang naging homeless sa pagkasira ng kanilag mga bahay gawa ng magkakasunod na nagyong Kristine at Leon.

Tanong ni Atty. Vic, sino ang dapat na managot sa mga pinsalang ito, at bakit hindi kumikibo ang Kamara upang ito ay imbestigahan at nang malaman ng taumbayan, sa ngalan ng transparency ang good governance kung sino ang mga kontraktor at mga politikong dapat na mapanagot sa kapinsalaan sa buhay at ari-arian ng mamamayan.

Tinawagan ni Atty. Vic ang media na maging tagapagbantay ng demokrasya at maging tinig ng mamamayan laban sa korapsyon.

Kaya ang tawag sa media ay Fourth Estate upang maging taliba, maging tagasuri at tagapagbantay sa mga gawain ng lokal at pambansang gobyerno.

Hindi dapat maging tikom ang bibig, hindi dapat na hindi kumibo at manahimik lamang ang media sa harap ng mga ganitong katiwalian.

Si Atty. Vic ay tumatakbong independent senatorial candidate na sinusuportahan ni dating President Rodrigo Duterte, at sa nakita kong tapang niya na ihayag ang nakikitang korapsiyon ng gobyerno ngayon, isa siya sa nakikita ko na dapat iboto sa darating na May 12, 2025 midterm elections.

Pinansin din niya noon daw, takot na takot ang mga kriminal, pero ngayon, malakas ang loob, hindi nagtatago sa paggawa ng krimen.

Malayang nakalalakad ang karaniwang mamamayan, pero ngayon, matapos ang mahigit na dalawang taon, ang masasamang loob, balik na uli sa kalsada at ang mga tao, ay hindi na ligtas.

Hinamon niya ang media na sumama sa ipinaglalaban niya na magkaroon ng mabuting gobyerno at maging matapang ang mga mamamahayag na ipaglaban ang karapatan.

Kung papalarin na maluklok sa Senado, uunahin niya ang paggawa ng mga batas na magbibigay ng matalas na ngipin at kamay na bakal laban sa korapsiyon at kriminalidad.

"Isusulong ko ang ibalik ang death penalty, lalo na sa mga corrupt government officials," sabi niya.

Nais niya, kung siya ay senador na, na ibaba sa P5-milyon na nakaw sa pera ng bayan ay maging sapat na upang kasuhan ng plunder.

Sa kasalukuyan, nasa P50-milyon ang kailangang madambong sa kaban ng bayan para makasuhan ng plunder (pandarambong).

Hinikayat ni Atty. Rodriguez ang taumbayan na makiisa sa kanyang ipinaglalaban upang mapanagot ang mga tiwali sa gobyerno.

May babala naman si Dr. Jose Joel M. Sy Egco, dapat na maging mapanuri tayo sa kumakalat na misinfromation, black propaganda at sa fake news na ikinakalat ng mga bayarang trolls sa social media.

Inihalimbawa niya ang kumakalat na misinformation sa panawagan sa mga member ng Iglesia ni Cristo (INC) na sumama sa rally kontra impeachment kay VP Inday Sara.

Sa planong rally ng INC, nilinaw ni Egco na hindi tuwing pinipigil ang impeachment versus Inday Sara kungdi ang panawagan na ang gayong political exercise ay magdaragdag pa sa maraming problema ng bansa -- na unang dapat na lutasin ng gobyerno.

Sa kabuuan, very successful ang national press congress ng ating PAPI Family, at sana, maitanim sa isip ng lahat ang ating mahalagang tungkulin bilang kasapi ng Fourth Estate -- tayo ang watchdog, kumbaga ng taumbayan, laban sa korapsyon at maging tunay na tinig ng hinaing ng ating mamamayan.

Sa aming PAPI national president, Sir Nelson Santos at sa ating ate, Becka M. Velasquez, Executive VP at sa lahat ng opisyal ng PAPI, kudos po, at mabuhay tayong lahat!

Para sa inyong komento: bantaybalitanews59@gmail.com

# Maragondon, 2nd class municipality na!



Mayor Umbe Arca

Magandang balita po!

Batay sa Department of Finance Order No. 074, s. 2024, ang bayan ng Maragondon, ay naitaas ang antas muna sa 3rd class, ngayon ito ay 2nd class municipality.

Ito ang masayang ibinalita ni Mayor Lawrence 'Umbe' Arca sa kanyang social media page, anang alkalde: "Sa loob lamang ng mahigit dalawang (2) taon nating pamumuno nakamit natin ang pagiging 2nd Class Municipality."

Nangyari ito, sabi ni Mayor Arca, " dahil ito sa ating tunay na hangarin na UMANGAT ang ANTAS ng ating bayan."

Ayon pa sa alkalde, ito ang tunay na resulta ng pinagsama-samang dedikasyon sa pagbibigay ng serbisyo publiko ngmga lingkod-bayan at sa pagtutulugan ng bawat-isang mamamayan.

"Ang tagumpay na ito ay napakahalaga para sa atin, dahil dito sumasalamin ang ating magandang pamamahala, transparency at epektibong serbisyo na nararamdaman ng mamamayan," sabi ni Mayor Umbe.

Hinikayat ng alkalde ang lahat ng opisyal ng munisipalidad at ang buong mamamayan ng Maragondon na magsama-sama sa patuloy na pag Unlad-Angat ng ating minamahal na bayan ng Maragondon!

# Statement of Macy Castillo, ENSTACK CEO and Co-Founder, on the 1st year of passage of the Internet Transactions Act of 2023

AS we mark the first year since the Internet Transactions Act of 2023 was signed into law, it's an opportune time to reflect on the progress we've made and the road ahead in strengthening the digital economy in the Philippines.

Passing the Republic Act 11967 was crucial in establishing a safer, more transparent, and accessible digital marketplace. At Enstack, we have seen firsthand how this legislation has helped enterprises—especially small and medium businesses (SMBs)—be more confident in going digital. The law also provides clearer guidelines on consumer protection, ensuring security during transactions, and fostering fair competition, allowing many businesses to expand their reach and thrive online.

To fully unlock the potential of this legislation and bring the Philippines on par with its ASEAN neighbors, we encourage the government to strengthen its partnerships with digital platforms like Enstack to amplify its goals. The role of technology is not only to simplify and scale operations for businesses but also to support government policies in achieving greater economic growth. Creating an environment that allows such platforms to grow while they are still maturing is critical, and full support from the government and the ecosystem at large will fuel innovation and adoption.

**Support for Digitization of SMBs**

Beyond encouraging businesses to transition online, there is an opportunity to introduce measures that require a minimum level of digitization for operations, such as online payments, digital invoicing, or inventory management. These measures, combined with accessible training and affordable infrastructure, can accelerate the digital readiness of our entrepreneurs. As a platform with over 200,000 online stores created for Filipino businesses, Enstack is ready to support this push by providing simple, accessible tools tailored to local needs.

**Stronger Integration of Digital Policies Across Sectors**

The digital economy is interconnected, and the government must create more policies and programs with the help of all stakeholders to further reflect this reality. A coordinated effort to digitize sectors such as agriculture, retail, and logistics would enable SMBs to operate more efficiently and compete in a growing regional market. The government could work closely with platforms like Enstack to integrate localized digital solutions into these initiatives.

**Enhanced Awareness Campaigns**

Many business owners and customers must know their rights and responsibilities under the Act. A more robust information campaign will ensure the law is fully understood and utilized. Partnerships with private sector enablers like Enstack can amplify these efforts and bring the message directly to the sectors that need it most.

**Regular Policy Reviews and Feedback Mechanisms**

The digital economy evolves rapidly, and so must our regulatory frameworks. We encourage the government to establish periodic reviews of the Act's provisions, with mechanisms to gather feedback from businesses and consumers. The reviews and feedback will ensure that the law remains responsive to emerging challenges and opportunities.

As the Philippines continues to build a dynamic and inclusive digital economy, Enstack remains dedicated to being a reliable partner for businesses navigating this transformation. Together with policymakers, industry leaders, and the broader society, platforms like ours can amplify the goals of the Internet Transactions Act, enabling SMBs to thrive in an increasingly digital world.

On this important milestone, let us celebrate the progress made while embracing a shared responsibility to push further. By fostering collaboration and creating space for innovation, the Philippines can lead the region in empowering entrepreneurs to succeed and contribute to a more inclusive digital economy.

# #junkvillarfamilyin2025

KUMIKILOS ang isang samahan sa Las Pinas City na nanawagan ng boykat at pagbasura sa kandidatura ni Sen. Cynthia Villar at anak nito, Rep. Camille Villar-Genuino.

Tumatakbong kongresista ang senador para kongresista ng solo distrito ng lungsod, at aspiranteng senador si Camille na nais pumalit sa iiwang upuan ng kanyang ina sa Senado.

Kasalukuyang senador ang isa pang anak ni Sen. Villar, si Sen. Mark Villar na reeleksiyonista sa 2028 national and local elections.

Organizer ng grupong ito si Atty, Zardi Abellera at Barangay Elias Eldana Kapitan Macmac Santos na ang hashtag o panawagan ay #boycottvista #junkvillarfamilyin2025!

Sa isang interbyu, sinabi ng senadora na kumakandidato uli siya para kongresista dahil iyon ay "legacy" ng kanyang yumaong ama, Mayor Felimon Aguilar.

Samantala, pinuna ni Las Pinas City Councilor Mark Anthony Santos ang mabagal na pagbabayad sa utang na buwis sa real property tax (amilyar)sa lungsod ng pamilya Villar.

Sabi ni Santos -- na kumakandidatong kongresista ng siyudad -- dapat sa isang lawmaker ay masunurin sa batas at dapat na maging halimbawa ng karaniwang mamamayan sa matapat na pagbabayad ng buwis.

Ayon kay Santos, kayang-kayang bayaran ng pamilya Villar ang amilyar nito, na ayon sa 2024 edition ng Forbes Magazine, si Manny Villar ay kabilang "top richest people in the world."

Si Manny Villar, asawa ni Sen. Villar, ay dating House Speaker at dating Senate President.

"What we need is honesty, integrity, and respect for the people,' sabi ni Santos.

Ayon sa magazine, mayroong $11 billion o P621 billion networth si Manny Villar.

Bukod pa dito, daan-daang bilyong piso rin ang networth ni Sen. Cynthia, mga anak na sina Sen. Mark Villar at Rep. Camille Villar.

Ayon kay Atty. Abellera, mayroon nang libo-libong kasapi ang kanilang samahan mula sa 20 barangay ng Las Pinas.



Cynthia Villar



Camille Villar

Ang panawagang #junkvillarfamilyin2025 ay tatagal hanggang hindi nababayaran ang P70 million na natitirang bayarin sa amilyar ang pamilya Villar, ayon kay Abellera.

Hinimok niya ang mga consumer na wag munang tangkilikin ang All Day Supermarkets, All Day Convenience Store, Bake May Day, at Coffee Project.

Pag-aari rin ng Villar Group ang Golden Bria Holdings, isang property and death care company, Vistamalls, at mga subdivision na tatak na Crown Asia, Camella, at iba pa.

Ibinulgar ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ) na may accumulated taxes na humigit kumulang ay P213.55 million ang pamilya Villar noon pang 2023.

Sa P213 million na real property tax, nakapagbayad na ng P151-million ang pamilya Villar noong 2023.

"We are calling for a boycott of Villar's retail investments, not only in Las Piñas but across the entire country," panawagan ni Kap Macmac.

Sinusulat ito, wala pang tugon ang pamilya Villar sa panawagang Boycott, boycott. #junkvillarfamilyin2025!

